

Mga Iskedyul ng Bakuna

Bakit Kailangan Ko ng mga Bakuna sa Iba't Ibang Panahon?



Bakit Kailangan Ko ng mga Bakuna?

Ang pagpapabakuna ay ligtas, epektibo at madaling paraan para maprotektahan laban sa mga sakit na napipigilan. Inirerekomenda ang mga ito para sa lahat sa iba't ibang yugto ng buhay, mula sa mga sanggol hanggang sa mga matatanda.

Ang pagpapabakuna ay hindi lamang pumoprotekta sa iyo kundi nakakatulong din para mapigilan ang pagkalat ng mga sakit sa iba na maaaring magkasakit nang malubha kung magkaroon sila ng mga ito tulad ng mga matatanda, mga buntis, mga taong may mga partikular na kondisyon sa kalusugan at maliliit na mga bata. Ang mga inirerekomendang bakuna ay batay sa iyong edad at ilang mga partikular na kondisyon sa kalusugan o kasaysayan ng kalusugan at maaaring kailanganin para sa paglalakbay, trabaho, lugar ng pinag-aalagaan ng bata o paaralan.

Bakit Kailangan ng Ilang mga Bakuna ang Maramihang mga Dosis o Pampalakas na Bakuna (Booster) Pagkatapos ng Ilang Panahon?

Ang bawat bakuna ay ginawa para magbigay ng malakas na proteksyon laban sa mga partikular na virus o bakterya na may napakaliit na epekto at pinakamalawig na pagiging epektibo. Para makamit ito, may iba't ibang mga iskedyul ng bakuna at mga pampalakas na bakuna (booster) na iniaatas para mapanatili ang proteksyon.

Ang ilang mga bakuna, tulad ng mga bakuna sa trangkaso at COVID-19, ay kailangang regular na baguhin para tumugma sa pinakapangkaraniwan at mapanganib na mga uri ng virus. Ang ilang mga tao, tulad ng mga buntis na indibidwal o mga may mahinang sistema ng imyunidad, ay maaaring mangailangan ng dagdag na dosis para manatiling protektado.

Aling mga Bakuna ang Kailangan Ko?

Makipag-usap sa iyong tagapagkaloob ng serbisyong pangangalagang kalusugan (health care provider) para malaman kung ano ang mga bakuna na inirerekomenda para sa iyo at sa mga miyembro ng iyong pamilya. Narito ang ilan sa mga pinakapangkaraniwan:

Bakuna sa Trangkaso: Dapat mong makuha ito taun-taon, lalo na sa taglagas, para mabawasan ang panganib ng pagkakaroon ng trangkaso. Kung ikaw ay 65 pataas, o 18-64 taong gulang at nakatanggap ng inilipat na panloob na bahagi ng katawan (organ transplant) at umiinom ng mga gamot na nagpapahina sa sistema ng imyunidad, tanungin ang iyong tagapagkaloob ng serbisyong medikal (provider) tungkol sa mas mataas na dosis ng bakuna sa trangkaso.

Bakuna sa COVID-19: Ang bakunang ito ay binabago paminsan-minsan upang magprotektahan laban sa pinakabagong mga uri ng virus. Inirerekomenda sa lahat ng 6 na buwan pataas na magpapabakuna ng hindi bababa sa 1 dosis ng pinakabagong bakuna sa COVID-19. Dapat kang maghintay ng hindi bababa sa 2 buwan mula sa huling dosis ng anumang bakuna para sa COVID-19 bago kumuha ng dosis ng pinakabagong bakuna para sa COVID-19.



(Tagalog/Filipino)



COUNTY OF LOS ANGELES
Public Health

Mga Iskedyul ng Bakuna

Bakit Kailangan Ko ng Bakuna sa Iba't Ibang Panahon?



Bakuna sa Pulmonya: Nagpoprotekta laban sa ilang uri ng pneumococcal na bacteria na maaaring maging sanhi ng malubhang impeksiyon sa mga bata at matatanda. Ang serye na 4 na dosis na pangbata ay inirerekomenda bago ang edad na 5. Para sa mga mas nakakatandang mga bata at matatanda, kuhanin ayon sa ipinayo.

Bakuna sa Bulutong: Ito ay isang serye na may dalawang dosis na ibinigay sa mga bata at inirerekomenda din para sa mga higit sa 13 na hindi pa nagkaroon ng bulutong dati.

Bakuna sa Mamaso (Shingles): Ang bakunang ito na may dalawang dosis ay nagpoprotekta laban sa mamaso (shingles) sa mga matatanda, na kinukuha dalawa hanggang anim na buwan ang pagitan para sa pinakamalawig na proteksyon. Inirerekomenda para sa mga matatanda 50 taong gulang pataas, kahit na nagkaroon ka na ng bulutong dati. Kausapin ang iyong tagapagkaloob ng serbisyong medikal (provider) kung natanggap mo na ang isang-dosis na bakuna na Zoster.

Bakuna sa Tdap: Ang isang dosis ng bakunang ito ay nagpoprotekta laban sa tetanus, diphtheria at dalahit na ubo. Maaaring kailanganin mo ng pampalakas na bakuna (booster) tuwing 10 taon.

Bakuna sa RSV: Para sa mga taong may edad na 75 pataas, ang isang dosis ay nagpoprotekta laban sa respiratory syncytial virus (RSV). Ang mga matatanda na 60-74 na taong gulang at nasa mas mataas na panganib ng malubhang sakit sa RSV ay inirerekomenda ring tumanggap ng isang dosis ng bakuna para sa RSV. Ang mga nagbubuntis, mga sanggol at maliliit na bata ay maaari ring maging kwalipikado para sa karagdagang proteksyon laban sa RSV. Makipag-usap sa iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan (health care provider) para malaman kung ano ang inirerekomenda nila.

Bakuna sa Hepatitis B: Ito ay isang dalawa o tatlong serye ng dosis na inirerekomenda para sa lahat, ang mga 60 taong gulang pataas ay dapat kumonsulta sa kanilang tagapagkaloob ng serbisyong medikal (provider) tungkol sa pagkuha ng bakunang ito.

Para malaman kung aling mga bakuna ang kailangan mo o kung kailangan mo ng mga pampalakas na bakuna (booster), tanungin ang iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pagnkalusugan (health care provider). Para sa listahan ng mga inirerekomendang bakuna, bisitahin ang::
<https://www.cdc.gov/vaccines>.



Sentro ng Tawagan para sa Pampublikong Kalusugang (Public Health Call Center)

Para sa mas maraming impormasyon, ang Sentro ng Tawagan para sa Pampublikong Kalusugan ay bukas 8 ng umaga hanggang 8 ng gabi pitong araw sa isang linggo sa **1-833-540-0473**.



Los Angeles County Department of Public Health

ph.lacounty.gov/vaccines

Vaccine Schedules 8/23/24 (Tagalog/Filipino)



COUNTY OF LOS ANGELES
Public Health